

PHONOLOGICAL AND MORPHOLOGICAL VARIATION OF IBANAG LANGUAGE

JASMIN JOY M. SUMER

Cagayan State University
Aparri Campus, Aparri Cagayan, Philippines

Abstract

The Philippines is considered as a multilingual country. Sociolinguistic theory, which is predicated on the notion of language heterogeneity, provides an explanation for the presence of language variation. The primary goal of the research is to investigate the phonological and morphological differences between the Filipino and Ibanag languages spoken in Dodan, Aparri, Cagayan. In this study, the researcher interviewed fifty inhabitants of Dodan, Aparri, Cagayan, using a qualitative research methodology. From the time of data collection to analysis, descriptive was used.

Mga susing salita: baryasyong ponolohikal, baryasyong morpolohikal, wikang Ibanag

Kaligiran ng Pag-aaral

Ang wika ay may matibay na kasangkapan sa pakikipagtalastasan. Ito ang sinasalita o sinasambit sa isang partikular na lugar o pook. Hindi magkakaroon ng isang matatag at buong pamayanan kung walang wikang mag-uugnay sa bawat isa. Ang wika ang dahilan kung bakit may pagbubuklod at pagkakaisa. Ito rin ang pinakamahalagang salik sa pagganap at pagtupad bilang tao sa kanyang lipunang ginagalawan.

Sa kaso ng Pilipinas na isang multilingguwal na bansa, maraming dapat bigyang-konsiderasyon sa pagkakaroon ng maraming wika. Isa na rito ang pagkakaiba-iba sa magkakamag-anak na wika o barayti ng wika.

Ang pagkakaroon ng barayti ng wika ay ipinapaliwanag ng teoryang sosyolingguwistika na pinagbatayan ng ideya ng pagiging heterogeneous ng wika. Ayon sa teoryang ito, nag-uugat ang mga barayti ng wika sa pagkakaiba-iba ng mga indibidwal at grupo, maging ng kani-kanilang tirahan, interes, gawain, pinag-aralan at iba pa. Samakatuwid, may dalawang dimensiyon na baryabilidad ng wika- dimensiyoung heograpiko at dimensiyoung sosyal. (Constanino at Bernales, 2008).

Ang baryasyong ponolohikal ay tumutukoy sa pagkakaiba-iba ng ponema ng tunog ng isang wika. Alinmang wika sa daigdig ay binubuo ng set ng mga makabuluhang tunog.

Samantalang ang baryasyong morpolohikal ay ang pagkakaiba sa anyo at baybay ng salita at hindi sa taglay na kahulugan nito.

May Apatnapu't dalawang (42) barangay ang bayan ng Aparri. Sa pag-aaral na ito, napili lamang ng mananaliksik ang barangay Dodan na kung saan ang Ibanag sa komunidad na ito ay buhay na buhay. Limampung taong gulang(50) ang pinakamababang edad na naging impormant at walumpu't-isang taong gulang ang pinakamatandang impormant. Patunay na maraming mga tubong-Ibanag sa komunidad na ito.

Layunin ng Pag-aaral

Narito ang mga tiyak na layunin na tinugunan sa pag-aaral na ito.

1. Makabuo ng pagdalumat sa wikang Ibanag.
2. Masuri ang kahulugan ng salitang nalikom na nagagamit sa komunidad
3. Maipakita ang baryasyong ponolohikal at morpolohikal ng wikang Ibanag sa Dodan, Aparri, Cagayan.

Metodolohiya

Metodong kwalitatibo ang ginamit sa pag-aaral na ito. Deskriptibo ang ginamit mula sa paglilikom hanggang sa pag-aanalisa ng mga datos. At nagkaroon pagbuo ng pagdalumat sa wikang Ibanag. Balido ang mga datos na ginamit sapagkat ito ay inalisa ng mga ekspertong nagsasalita ng wikang Ibanag.

PAGTALAKAY

A. Tuon sa Ponolohiya

Mga Salitang Ginamitan ng Ponemang Patinig na /a/ /i/ /u/

IBANAG		FILIPINO
/a/	appà	ápat

	annam	ánim
	awan	walâ
	ayám	Háyop
	ayóng	unggóy/matsíng
	alukinak	buláte
	Akal-kala	gagambá
	Anay	ánay
	Alivabban	Paruparó
	Asín	asín
	Alú	pambayó
	Aggí	pálay
	Avaká	abaká
	Afuk	ápog
	Aggaw	áraw
	Alitû	bákod
	Atô	bubóng/atíp
	Avaga	balikat
	Agál	atáy
	Arayyu	malápit
	Aranni	malayò
/i/	ittè	isa
	Iráw	áhas
	Ifû	buntót
/u/	Utta	usá
	Ulák	dagâ
	Uminúm	inumín
	Unâ	tubó
	Uway	yantók
	Umma	umága
	Unám	úlap
	Urán	ulán
	Usín	titì
	Uvô	tumbóng
	Ulú	úlo
	Utô	útak
	Igúng	ilóng
	Ulô	kúmot

Ang ponolohikal ay ang pag-aaral ng mga pattern ng mga tunog ng wika, mga tunog na ginagamit sa pagbuo ng mga salita sa isang partikular na wika at tunog nanaririnig kung bumibigkas ng isang buong salita o pahayag o pangungusap ang nagsasalita. Diez (2021) Ang baryasyong ponolohikal

ng wikang ibanag ay maaring magmula sa pagkakaiba-iba sa pagbigkas ng mga tunog, l tono, o intonasyon batay sa rehiyon, edad, o sosyal na antas ng nagsasalita. Halimbawa, sa pagkakaiba sa pagbigkas ng mga patinig at katinig, pati na rin ang paggamit ng tono o intonasyon sa mga ssalita, ay ilan sa mga posibleng ponolohikal na baryasyon sa ibanag.

Kapansin-pansing ang mga salitang nasa itaas ay ginamitan ng Patinig na /a/, /i/ at /u/ sa posisyong inisyal. Sa dalawandaang salita na tinumbasan, walang naitalang salita na ginamitan ng patinig na /e/ at /o/. Makikita sa talahanayang ito na mahilig sa paggamit ng patinig ang mga Ibanag. Pansinin na ang mga salitang nagsisimula sa Katinig sa Filipino ay natumbasan sa Ibanag na nagsisimula sa Ponemang Patinig. At kapansin-pansing madalas na ang salita sa Filipino na nagsisimula sa Ponemang Katinig na /p/ at /b/ ay natutumbasan ng salita sa Ibanag na nagsisimula sa Ponemang Patinig na /a/ tulad ng /buláte- alukinak/, /bákod- Alitû/, /Paruparó- Alivabban/ at / pálay- Aggí/ maging ang salita sa Filipino na nagsisimula sa Ponemang katinig na /t/ ay natutumbasan ng salita sa Ibanag na nagsisimula sa Ponemang Patinig na /u/ tulad ng / tumbóng- Uvô/, / titì – Usín/ at / tubó- Unâ/

Mga salitang kinakitaan ng Pagpapalit ng Ponema

Filipino-Ibanag

/o-u/

pitó Pitú
waló Walú
Kúto Kutú
niyóg Niyúg
síko Sikú
úlo Ulú

/b-v/

buwáya Vuwaya
tabâ Tavá
gabí gaví

/l-r/

kílay Kiráy
talóng taróng
ulán urán

/h-l/

báhay Baláy

/d-k/

pálad Palak

/d-z/

dilà Zilá

/p-f/

prútas -Frutas

/u-a/

lúya layá

Ipinakikita ng mga salita sa itaas na nagkakaroon ng palitan ng ponemang patinig at katinig sa pagitan ng Filipino at Ibanag na salita. Ang /o/ sa wikang Filipino ay nagiging /u/ sa

Ibanag, ang /u/ at /a/, na may matatagpuan sa posisyong midyal at pinal tulad ng *waló-Walú* at *úlo-Ulú* at isa lang ang naitala sa palitang /u/ at /a/ ang salitang *lúya-layá* lamang. Palitang /l/ at /r/, /h/ at /l/ at /d/ at /k/. Kapansin-pansin din na ang /b/ sa Filipino ay pinapalitan ng /v/, /d/ at /z/, at /p/ sa /f/, isa itong patunay na ang letrang *v, z* at *f* ay maituturing ngang mga katutubong letra. Mula sa artikulo ni Miclat (2017), ang omisyon o pagbabago ng mga ponema sa mga salita ay hindi na bago. Kahit na bago dumating ang Pilipinas sa isang pormal na alpabeto, nagkaroon na ng pagkukulang o pagbabago sa mga ponema sa Espanyol na wika. Ang mga halimbawa nito ay ang mga salita bersiyon-bersyon, koneksiyon-koneksyon, lico-liko, vintana-bintana at marami pang iba.

Ayon kay Fontanella (2014), mayroon talagang mga ponemang pinapalitan nang hindi nagbabago kahulugan nito. Halimbawa ay ilang salitang binigkas sa Leyte na may pagbabago ng mga ponemang /l-h/, tulad ng sulihang-susiha na ang ibig sabihin ay “upang suriin” o “to check” sa Ingles; ponemang /h-r/ gaya ng diha-riha na ang ibig sabihin ay “doon” o “there” sa Ingles; /n-r/ sa tana-tara na ang ibig sabihin ay “tara na” o “let’s go” sa Ingles; /k-l/ sa kapuy-lapuy na ang ibig sabihin ay “pagod” o “tired” sa Ingles (Borong, N.L., 2019). Ang pinakamabilis na pagbabago ay nasa lebel ng salita. Madaling tinatanggap ang pagbabago sa mga termino, pangalan ng materyal o pisikal na elemento na kinuha sa ibang kultura, kaysa pagbabago sa lebel ng tunog o sa sintaks ng wika. Kaya nabanggit ni Troutman (2008) na sa bawat pag-inog ng mundo ang wika aypatuloy na nagbabago sa aspektong ponolohikal, morpolohikal, semantika at sintaktika at ibang katangian ng wika. Ang pagkakaroon ng iba’t ibang katangian ng wika ay nagbabago kapwa sa lebel ng lingwistik na komunidad at ganoon din ang indibidwal na isipiker. Tinutukoy rito ng mga linggwista ang varyasyon sa ponetiks, ponolohiya, morpolohiya, sintaktik at semantic. Diez (2021)

Mga salitang kinakitaan ng Paglilipat-diin sa Ponema

<u>pagbabaybay</u>	<u>pagbigkas</u>
limá	Lima
ánay	Anay
karné	karne
manî	maní

Kapansin-pansing hindi nagbago ang baybay na tinumbasan sa salitang Ibanag. Ang pagbabago naganap sa mga salita ay ang diin sa pagbigkas. Napatunayan sa datos na ito na naaayon sa grupong nagsasalita kung paano ang diin sa pagbigkas ng mga salita. Tulad na lamang sa salitang *limá-Lima* tinumbasan ito sa Ibanag sa diing malumay. Apat ang kabuuan ng salitang naitala na kabilang dito. Ngunit sa salitang Tagalog, nakakaapekto naman ang paglilipat diin sa kahulugang nais iparating. Halimbawa ay ang salitang “upo” na kung sa unang diin ay nangangahulugang posisyon kung saan ang bigat ng isang tao ay sinusupportahan ng puwit sa upuan at ang likod ay patayo; at kung sa ikalawang diin naman ay pagtukoy sa isang uri ng gulay; Ito ay

kilala sa tawag na *heteronyms*. Ito ang mga salitang may parehong spelling ngunit magkaiba ang pronunciation.

Ayon kay Almario (2015), ipinapayo para sa maingat na pagsulat at pagbigkas ang pagmamarka ng palihis kahit sa salitang malumay. Mahalaga ito, lalo na, para tiyakin ang bigkas at kahulugan ng isang salitang malumay na may kahawig na anyo ngunit iba ang bigkas at kahulugan. Kabilang sa mga halimbawa nito ay:

húli—paraan upang mawalan ng layang kumilos ang isang tao
o bagay

hulí—hindi nakarating o nakatapos sa oras

níto—katapat ng patuná sa Ilokano

nitó—panghalip na pamatlig sa kaukulang paari na tumutukoy sa tao, bagay, o pangyayaring nagtataglay ng anumang katangiang ipinahahayag ng nagsasalita malapit sa kaniya

píli—malaki-laking punongkahoy na may makinis at madaling matanggal na balat

pilì—hirang o paghirang para sa isang gawain o tungkulin

B. Tuon sa Morpolohiya

Mga salitang kabilang sa Payak o Salitang-ugat

	Filipino	Ibanag
uwák	saw	
tiník	Sî	
lkmó	Gók	
Tiyán	Sán	
Buhók	Vû	

Ang morpolohikal naman ay ang sangay ng linggwistika na nag-aaral ng morpema(morpheme) o pinakamaliit na yunit ng tunog na may kahulugan. Diez (2021) Pinag-aaralan dito ang sistema ng pagsasalansan ng mga morpema upang makabuo ng salita na may payak okomplikadong kahulugan. Ang mga morpema ay maaaring isang buong salita, panlapi, artikulo, o metalinggwistikal na yunit ng kahulugan tulad ng intonasyon at diin. Constantino (2012) Ang baryasyong morpolohikal sa wikang ibanag maaring makita sa pagbabago o pagkakaiba sa estruktura ng mga salita, tulad ng paggamit ng iba't ibang mga panlapi, pagbabago sa anyo ng mga

salita batay sa gramatikal na kategorya, o pagkakaiba sa anyo ng mga salita batay sa gamit o konteksto. Halimbawa, maaaring mayroong mga salitang may iba't ibang anyo depende sa pangungusap o kung ito ay ginagamit sa simuno, gitnang bahagi bahagi, o hulihang bahagi ng pangungusap.

Mula sa dalawang daan na talaan ng mga salitang tinumbasan ng mga impormants sa wikang Ibanag. Lumalabas na isangdaan at walumpu(180) ang nabibilang sa payak na salita. Patunay itong mayaman sa Payak na salita ang mga Ibanag. Kapansin-pansin sa mga salitang payak ang lima na kabilang sa mga ito. Ang mga salitang *uwak*, *tinik*, *ikmo*, *tiyan*, *buhok* ay natumbasan lamang ng isang pantig na kabilang sa payak na salita tulad ng *saw*, *si*, *gok*, *san* at *vu*.

Mga salitang Nilapian o Maylapi

Filipino		Ibanag
sampû	<i>ma+ fulu</i>	mafulú
sandaán	<i>ma+gatu</i>	Magatû
libo	<i>ma+rivu</i>	Marivú
magbiláng	<i>ma+bilang</i>	Mabbilang
magbayó	<i>ma+bayu</i>	mabbayu
tahî, tahîin, hinabî	<i>ma+dage</i>	maddagê

May mga salitang tinumbasan sa Ibanag na ginamitan naman ng Panlapi na kabilang sa *pangngalan* tulad ng *mafulu*, *magatu* at *marivu*. Hindi nalalayo sa istruktura sa Filipino na malayang nakakabit ng panlapi ang mga pangngalan. Kapansin-pansin namang ang pamamaraan ng paglalapi sa mga salitang kilos ay gumagamit ng panlapi na *ma+ unang letra ng salitang-ugat* tulad ng *ma+bilang* naging *mabbilang* na malayo sa Filipino na nagkakaroon lamang ng pag-uulit sa unang pantig ng salitang-ugat.

Konklusyon

Kapansin-pansin sa buong talaan ng salita na ang *kaingin* at *bahag* ay *walang* salin na ibinigay ang mga impormants pagdadahilan nila na hindi nila kasanayan o ginagamit ang mga ito. Nangangahulugan lamang ito na malaking salik ang heograpikal at kultural sa pagtutumbas ng salita.

Ang paraan din ng karamihan sa pagsasalin ng Hilaga, Silangan, Kanluran at Timog ay ibinase nila kung ano ang matatagpuan sa naturang mga direksyon. Halimbawa ang dagat ay matatagpuan sa hilaga kaya tinumbasan ng *pane bevey* at ang Barangay na matatagpuan sa

Silangan ay Paddaya kaya naman tinumbasan ang Silangan na *pane Paddaya*. Ngunit sa pagbabalida ng mga salita, napatunayang ang mga direksyon ay may mas-angkop na salin.

Napalutang din sa pag-aaral na mahilig manumbas ang mga Ibanag ng Ponemang Patinig sa mga nasa anyong Ponemang Katinig . Naging kapansin-pansin na ang mga nasa anyong Ponemang Katinig na /p/ at /b/ ay madalas natutumbasan sa Ibanag na ponemang patinig na /a/ at gayundin sa nasa anyong Ponemang Katinig na /t/ ay natutumbasan sa Ibanag bilang Ponemang Patinig na /u/.

Panghuli, ang nabuong pagdalumat sa wikang Ibanag ay probisyonal at inisyal pa lamang. Nangangailangan pa ng pagpapalawak sa iba't ibang linggwistiko't leksikograpikong pananaliksik upang maiuri, masuri, maihambing at maihanay ang marami't iba't ibang wika sa ating bansa. Higit sa lahat, napatutunayan natin na ang wikang Filipino ay may kakayahang maging tagapagdaloy at tagapag-ugnay na wika sa/ng iba't ibang wika sa bansa.

Mga Salitang Isinalin sa Wikang Ibanag

	English	Filipino	Ibanag
1.	one	Isa	Ittè
2.	two	Dalawá	Duwá
3.	three	Tatló	Tallu
4.	four	Ápat	Appà
5.	five	Limá	Lima
6.	six	Ánim	Annam
7.	seven	Pitó	Pitú
8.	eight	Waló	Walú
9.	nine	Siyám	Siyám
10.	ten	Sampû	Mafulú
11.	twenty	Dalawampû	Duwá-fulú
12.	hundred	Sandaán	Magatû
13.	thousand	Líbo	Marivú
14.	none	Walâ	Awan
15.	all	Lahát	ngamin

16.	count (v.)	Magbiláng	Mabbilang
17.	animal	Háyop	ayám
18.	bird (generic)	Ibon	mammanù
19.	crow (bird)	Uwák	saw
20.	chicken	Manók	manû
21.	wing (n.)	Pakpák	payâ
22.	feather (n.)	Balahíbo	Duddù
23.	crocodile	Buwáya	Vuwaya
24.	eel	Ígat	Kiwò
25.	frog	Palakâ	tukayá
26.	snake (n.)	Áhas	iráw
27.	pig (n.)	Báboy	Bavwi
28.	dog (n.)	Áso	Kitu
29.	monkey	unggóy/matsíng	ayóng
30.	carabao	Kalabáw	nuwáng
31.	deer	Usá	Utta
32.	rat (n.)	Dagâ	Ulák
33.	tail (n. animal)	Buntót	Ifû
34.	turtle	Pagóng	Dagga
35.	worm (earth)	Buláte	Alukinak
36.	mosquito	Lamók	nammù
37.	louse (n.)	Kúto	Kutú
38.	spider	Gagambá	Akal-kala
39.	termite (white ant)	Ánay	Anay
40.	lice (insect)	Kúto	Kutú
41.	butterfly	Paruparó	Alivabban

42.	cook (v.)	Maglutò	Mallutu
43.	cooking pot	Palayók	paryû
44.	ladle (n.)	kutsarón/sandók	pakul
45.	swallow (v.)	lumunók /nilunók	manallán
46.	eat (v.)	káin / kumáin	kumán
47.	egg (n.)	Itlóg	Illuk
48.	salt (n.)	Asín	Asín
49.	sweet potato	Kamóte	Kamosi
50.	meat	Karné	karne
51.	soup	Sabáw	Zigú
52.	breakfast	almusál/agáhan	Pagguk
53.	sour	Maásim	Mattam
54.	sweet (adj.)	tamís /matamís	mammì
55.	bitter	Mapaít	Mafè
56.	full (sated)	Busóg	Navattuk
57.	hunger (n.)	Gútom	mavisín
58.	drink (v.)	Inumín	uminúm
59.	thirst (n.)	Úhaw	makenum
60.	wine (n.)	Álak	Binarayang
61.	rotten	Bulók	Nalabbák
62.	mortar (rice)	Lúsong	attung
63.	coconut (mature)	Niyóg	Niyúg
64.	coconut (young)	Búko	Kalug
65.	ginger	Lúya	layá
66.	grass	Damó	kaddò
67.	nipa	Nipa	Tatá

68.	peanut	Manî	maní
69.	rice (husked)	Bigás	baggâ
70.	husk (of rice)	Ipá	Yatá
71.	pound (v. rice)	Magbayó	mabbayu
72.	pestle (rice)	Pambayó	Alú
73.	rice (cooked)	Kánin	Innafwi
74.	rice (unhusked)	Pálay	Aggí
75.	ricefield	Palayán	Koman
76.	sugarcane	Tubó	Unâ
77.	swidden (kaingin)	Kaingin	
78.	forest	Gúbat	Kakaywán
79.	plant (n.)	Taním	mulá
80.	tree	Punò	Kayu
81.	root (n.)	Ugát	gamû
82.	bark (tree)	balát ng káhoy	Tabbî na kayu
83.	leaf (n.)	Dáhon	Don
84.	flower (n.)	Bulaklák	Lappaw
85.	thorn	Tiník	Sî
86.	fruit	Prútas	frutas
87.	seed (n.)	Butó	Vullung
88.	banana (generic)	Ságing	Dufô
89.	rattan	Yantók	Uway
90.	abaca	Abaká	avaká
91.	cotton (not kapok)	Búlak	Kafô
92.	eggplant	Talóng	taróng
93.	areca nut	búnga ng ngangà	mamá

94.	betel leaf	Ikmó	Gók
95.	betel/nut chew	Ngangà	mamá
96.	lime (CaO)	Ápog	Afuk
97.	now	Ngayón	sangá
98.	morning	Umága	Umma
99.	noon	Tanghalì	Tangnga na aggaw
100.	afternoon	Hápon	Fugak
101.	day (not night)	Áraw	Aggaw
102.	night	Gabí	gaví
103.	today	Ngayón	sangá
104.	tomorrow	Búkas	Nonumma
105.	yesterday	Kahápon	Gagaví
106.	year	Taón	dagún
107.	moon	Buwán	Vulán
108.	star (n.)	Bituín	vitún
109.	sun	Áraw	Matá
110.	sky	Himpapawíd	langì
111.	cloud (n.)	Úlap	unám
112.	thunder (n.)	Kulóg	alittugaw
113.	lightning	Kidlát	Kilâ
114.	rain (n.)	Ulán	urán
115.	rainbow	Bahaghári	Vunnung
116.	cold (weather)	Malamíg	Malummin
117.	warm (weather)	ínit/maínit	Mafatu
118.	hot (weather)	Maínit	Mafatu
119.	dwell (v.)	manáhan/tumirá	Madjan

120.	fence (n.)	Bákod	Alitû
121.	floor (n.)	Sahíg	Daták
122.	house (n.)	Báhay	Baláy
123.	roof (n.)	bubóng/atíp	Atô
124.	space (under house)	Sílong	Tallung
125.	window (v.)	Bintanà	Benta
126.	wall (n.)	Dingding	Zizzing
127.	return (v. home)	Uwî	Lubbè
128.	live (v. life)	Mabúhay	Matolay
129.	ankle	Búkungbúkong	Kalagwang
130.	body	Katawán	Baggi
131.	leg (n.)	Hità	Peppel
132.	foot (n.)	Paá	Takki
133.	heel (n.)	Sákong	Tumáng
134.	sole (of foot)	Talampakan	Palak na takki
135.	knee (n.)	Túhod	dulúng
136.	toe (n.)	dalirì ng paá	Kuramáng na takki
137.	vagina	puwérta, puki	Fukí
138.	penis	Titì	Usín
139.	anus	Tumbóng	Uvô
140.	buttocks	Pigî	Mammang na uvô
141.	shoulder (n.)	Balikat	Avaga
142.	palm (of hand)	Pálad	Palak na limá
143.	finger (n.)	Dalirì	kuramáng
144.	elbow (n.)	Síko	Sikú
145.	arm (body part)	Bráso	Lavunugan

146.	span (armspread)	Dipá	Mangappa
147.	hand (n.)	Kamáy	Limá
148.	span (hand)	Dangkál	maddangán
149.	chest (body)	Dibdíb	Gakaw
150.	breast (mammary)	Súso	Gatà
151.	back (of person)	Likód	Likúk
152.	belly	Tiyán	Sán
153.	heart	Pusò	Futú
154.	intestines	Bitúka	Sináy
155.	liver	Atáy	Agál
156.	lungs	Bagá	Lattà
157.	rib (n.)	Tadyáng	tuláng
158.	vein	Ugát	Kallò
159.	blood	Dugô	Daga
160.	bone	Butó	tuláng
161.	fat (n.)	Tabâ	Tavá
162.	head (n.)	Úlo	Ulú
163.	hair	Buhók	Vû
164.	brain	Útak	Utô
165.	face (n.)	Mukhâ	Mutúng
166.	forehead	Noó	Mukâ
167.	cheek	Pisngí	Mammang
168.	chin	Babà	Simík
169.	mouth (n.)	Bibíg	Simû
170.	lip (n.)	Labì	Bivík
171.	tongue (n.)	Dilà	Zilá

172.	tooth	Ngípin	Ngifan
173.	ear	Taínga	talingá
174.	eye (n.)	Matá	Matá
175.	eyebrow	Kílay	Kiráy
176.	eyelashes	Pilikmatá	Kimâ
177.	nose (n.)	Ilóng	Igúng
178.	neck (entire)	Leég	Vullaw
179.	throat (neck front)	Lalamúnan	kararóng
180.	skin (n.)	Balát	Tabbì
181.	scar (n.)	pílat / péklat	Pilâ
182.	weave (v. cloth)	tahî, tahîin, hinabî	maddagê
183.	weave (v. mat)	Lála	Manikól
184.	mat (n.)	Baníg	dafán
185.	sew (v.)	tahî / itahî / manahî	maddagê
186.	needle (n.)	Karáyom	Dagum
187.	blanket	Kúmot	Ulô
188.	pillow (n.)	Únan	fungán
189.	trousers	Pantalón	
190.	loincloth	Bahág	
191.	wash (v. clothes)	labá/máglaba	Mabbabbal
192.	rope (n.)	Lúbid	Luvík
193.	north	Hilagà	Norti
194.	east	Silángan	Lalassangan
195.	west	Kanlúran	Lammagggan
196.	south	Tímog	Makátok
197.	near (adv.)	Malápit	Aranni

198.	far	Malayò	Arayyu
199.	right (not left)	Kánan	Ziwanan
200.	left (not right)	Kaliwâ	Zimigi

Sanggunian

Borong, N. L. (2019). Morphological variations of the dialects in Western and Southern Leyte. *Journal of Educational and Human Resource Development*, 7(1), 41-53.

Constantino, P. C. (2012). Plurality towards identity: The variety of the Filipino language in language development and national consciousness. *Salindaw: Variety and variation of the Filipino language [Pluralidad tungo sa identidad: Ang varayti ng wikang Filipino sa pagbuo ng wika at kamalayang pambansa. Salindaw: Varayti at baryasyon ng wikang Filipino]*. Sentro ng Wikang Filipino Unibersidad ng Pilipinas

Almario, V.S. (2015). *KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat. Komisyon ng Wikang Filipino. Ikalawang Edisyon.*

Silvano, M. M. P. (2018). Morphosyntactic Analysis of the Tandaganon Gay Language. *International Journal of Recent Advances in Multidisciplinary Research*, 05(08), 4042-4050.

Pasion, R., & Sandoval, M. A. (2013). Varyasyong Ponolohikal ng Wikang Mandaya sa Ilalim Munisipalidad ng Davao Oriental. *Davao Research Journal*, 9(1), 58-67.

Pasion, R. M. (2014). Morpolohikal na varyasyon sa wikang Mandaya ng Davao Oriental. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences*, 1(5), 129-135.

Almario, V.S. (2015). *KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat. Komisyon ng Wikang Filipino. Ikalawang Edisyon*

Reyes, A., & Toto, S. (2022). Pagsusuri sa ponemang suprasegmental ng wikang Iranun. *International Journal of Research Studies in Education*, 11(14). <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.b015>

Matammu, C. (2022). An analysis and translation into Filipino of Ibanag proverbs. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 3(2), 239-248.

Dolatre, J. (2021). Lexical peculiarities of Ibanag varieties: The case of Tuguegarao and Cabagan. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 2(1), 222-236.

Tarun, J. Z. (Year of publication not provided). Towards the development of Ibanag orthography: The allophones and gemination of sounds of the Ibanag language structure.

Verstraelen, E. (2020). A formal-functional analysis of language: With an application to Ibanag. *Journal of Higher Education Theory and Practice*, 20(3), 115-135.

Reyes, A., & Toto, S. (2022, October). Pagsusuri sa ponemang suprasegmental ng wikang Iranun. *International Journal of Research Studies in Education*, 11(14). <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.b015>

Auayang, K. M. R., Soriano, M. R. P., & Tindowen, D. J. C. (2016). The Morphological Evolution of the Malaueg Language. *Bannag: A Journal of Local Knowledge*, 3(1).

Dita, S. N. (2010). A reference grammar of Ibanag. Saarbrücken, Germany: Lambert Academic Publishing.

Dita, S. N. (2011). Ibanag nominal marking system. In S.N. Dita (Ed.), *Issues and trends in Applied Linguistics in the Philippines: A decade in retrospect* (pp. 152-165). Manila, the Philippines: Vibal Publishing.